{Ang higaan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay mula sa balat at ang ipinalaman dito ay mula sa himaymay.}

Ayon kay `Ā'ishah na Ina ng mga Mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Ang higaan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay mula sa balat at ang ipinalaman dito ay mula sa himaymay.} Batay naman kay Imām: {Ang inuunanan ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na sinasandalan niya, ay mula sa balat na ang ipinalaman dito ay himaymay.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Ina ng mga Mananampalataya na si `Ā'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na ang higaan na tinutulugan noon ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay niyari mula sa katad na kinulti, na pinuno ng himaymay mula sa punong datiles at gayon din ang unan niya na sinasandigan niya.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65820